

154 *Patuloy Tayong Magbabata* (Mateo 24:13)

1. Pa'no magbata

Ng pagsubok, ani Jesus?
Kahit nagdusa
Kagalakan ang nadama.
Ang Diyos ay nangako,
'Yon ang binulay niya.

(KORO)

*Pagbabata'y kailangan.
Manalig sa 'ting Diyos.
Pag-ibig niya'y sandigan.
Makapagbabata hanggang wakas.*

2. Mga panahong

Lipos ng luha at kirot;
Kahit may lungkot,
Malinaw ating pag-asa.
Magiging malaya,
Patuloy magbata.

(Koro)

3. Huwag lang sumuko

Ni magduda at matakot.
Matapat hanggang
Sa dumating araw ni Jah.
Magbata lang tayo,
Malapit na ito.

(Koro)